# 소망의 여인들

## Prayer Calander

2024년 10월

ប្រតិទិនអធិស្ឋានចេញផ្សាយជារៀងរាល់ខែ ដែលមានជាង 100ភាសា និងមានអ្នកចូលរួមអធិស្ឋានជាង 110,000នាក់



**Panalangin para sa mga kababaihan sa Central Asia, Middle East, at North Africa 2**

Ang mga grupo ng Women of Hope sa Gitnang Asya ay umaabot sa mga tao sa pamamagitan ng radyo, social media platforms, SD cards at flash drives. Sa pagmiministeryo sa mga tagapakinig sa kanilang pangkaraniwang pangangailangan, isinama sa programa ang mga paksa tulad ng pagpapalaki sa mga anak, karahasan sa loob ng tahanan, pagkabaog, pagkalaglag ng ipinagbubuntis, at kahirapang kultural. Ang iba naman ay tumutugon sa pangangailangang emosyonal tulad ng pagkabalisa, kawalang tiwala, kahihiyan, sundot ng konsensya at di-pagkatanggap. Dumadalaw din sila sa mga liblib na lugar upang mahikayat silang magbasa ng Biblia at manalangin. Paki panalangin ang mga tagapanguna para sa espirituwal at pisikal na kalakasan at ang mga batas ay mapagtibay upang maingatan ang kalayaan sa relihiyon ng Iglesia.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니다.

**1.** Diyos, hinihiling namin na nawa, ang mga kababaihan na gumagawa ng okultismo sa Karakalpakstan ay makatagpo ng kanilang kaligtasan at paglaya kay Cristo at manumbalik sa Iyo dahil Ikaw ang pinagmumulan ng kalakasan. (Lev. 19:31)

**2.** Magdala Ka nawa ng pag-asa at kalakasan, Panginoon, sa mga Kabataang babaeng Tajik na sapilitang ipinapakasal kahit labag sa kanilang kalooban at sa mga kababaihan na nagiging pangalawa o pangatlong asawa ng mga lalaking poligamo para lamang mabuhay. (1 Pet. 3:7)

**3.** Salamat, Ama, dahil ang mga tao sa Kyrgyzstan na kabilang sa ibang relihiyon ay nakikinig sa ating mga programa. Nawa, ang Iyong katotohanan ay magpalaya sa kanila at nawa, ito ay magdala ng pagpapala sa kanilang pamilya. (John 8:32)

**4.** Panginoon, tulungan Mo nawa ang mga solong ina sa Kazakhstan na makahanap ng mga pagkakataon upang makapaghanapbuhay para sa mga pangangailangan nila at ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng matapat na trabaho. (Col. 3:23)

**5.** Dalangin namin Ama ang pag-iingat Mo at suporta para sa mga kababaihang tumakas sa digmaan mula sa Jordan. Akayin Mo sila sa pag-asa na nagmumula sa Iyo, bigyan Mo nawa sila ng kapayapaan at katatagan sa kanilang paninirahan sa bagong komunidad. (Matt. 11:28)

**6.** Panginoon, gumawa Ka nawa ng paraan para sa mga mananampalataya sa Turkmenistan na makadalo sa mga pag-aaral ng Biblia sa tahanan at makapagpatuloy nawa sila sa pananampalataya kahit na dumadaan sila sa mga oposisyon mula sa mga hindi mananampalataya. (Acts 2:42)

**7.** Diyos, hinihiling namin na nawa ang mga magulang sa Uzbekistan ay makatagpo ng karunungan sa Iyo sa kanilang pagpapalaki at pagdidisiplina sa kanilang mga anak ayon sa Iyong Salita. (Prov. 22:6)

**8.** Panginoon, dalangin namin na ingatan Mo nawa at suportahan ang mga kababaihan sa Egypt at Tunisia na nakakaranas ng karahasan at pang-aabuso sa loob ng tahanan dahil sa kasarian. (Ps. 9:9)

**9.** Ama, dalangin namin na ihanda Mo nawa ang mga Iglesya upang maging lugar ng kanlungan at pag-asa para sa mga nabigong kababaihan sa Northern Cyprus. (Ps. 147:3)

**10.** Dalangin namin ang mga Kristiano sa Türkiye na inaatake dahil sa kanilang pananampalataya. Panginoon, bigyan Mo nawa ng tapang at kapayapaan ang aming mga kapatid tulad ni Daniel at ingatan Mo sila mula sa mga leon na makakalaban nila. (Dan. 6:22)

**11.** Diyos, dalangin namin ang pagpapatuloy at pananatili ng plataportmang digital ng aming grupo sa Gitnang Silangan. Pagkalooban Mo nawa sila ng karunungan at kagandahang loob sa kanilang pakikitungo sa kanilang mga tagapakinig. (Ps. 90:17)

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**12.** Panginoon, wasakin Mo nawa ang spiritual na gapos ng mga tao sa Uzbekistan at tulungan Mo sila na malaman at malabanan ang mga taktika ni Satanas nang may katapangan at matibay na pagpapasya. (James 4:7)

**13.** Ama, palakasin Mo nawa at ingatan ang mga kababaihan sa Bahrain na nahaharap sa mga panggigipit at diskriminasyon dahil sa kanilang Kristianong pananampalataya. (Ps. 27:1)

**14.** Diyos, dalangin namin na panumbalikin Mo nawa ang mga relasyon sa pagitan ng biyenan at manugang na babae sa Karakalpakstan. Nawa ay matanggap at mahalin nila ang isa't-isa. (2 Cor. 13:11)

**15.** Ama, nawa ay maranasan ng mga kababaihang Syrian ang pag-ibig at kapayapaan mula kay Cristo kahit sa gitna ng mga kaguluhan ng kanilang bansa dahil sa digmaan. Aliwin Mo ang mga nagdadalamhati, at ipagkaloob ang kanilang mga pangangailangan at ingatan sila na mga nalayo sa kanilang lugar. (Ps. 23:4)

**16.** Panginoon, gabayan Mo po at pagkalooban ng karunungan ang mga tagapanguna sa Türkiye sa mahirap na panahong ito. Ang kakulangan sa mga doctor ay nagaganap dahil sa nangingibang bansa ang mga manggagamot dahil sa kakulangan sa pinansial. (Isa. 30:21)

**17.** Diyos, gamitin Mo nawa ang mga mananampalataya sa Kyrgyzstan upang maibahagi ang iyong pag-ibig at katotohanan sa mga hindi mananampalataya sa paligid nila. Nawa ang mga tao ay magutom at mauhaw sa Iyo at sa Iyong Salita. (Acts 1:8)

**18.** Panginoon, ingatan Mo ang mga kababaihang Tajik na dumaranas ng karahasan mula sa kanilang asawa at biyenan. Nawa ay magkaroon ng pagbabago ng puso ang mga lalaking hindi gumagalang sa mga babae. (Isa. 60:18)

**19.** Ama, pagpalain Mo, protektahan at pag-isahin ang mga Kristianong pamilya sa Kyrgyzstan, at bigyan sila ng kapangyarihan upang maging malakas laban sa kahirapan. Tulungan Mo ang mga asawang babae na matutong manalangin at mag-ayuno para sa kanilang pamilya. (Prov. 31:10)

**20.** Diyos, tulungan Mo kami na madala ang Ebanghelyo sa mga kababaihan sa mga konserbatibong komunidad ng Qatar. Nawa ay makilala Ka nila at makita nila ang kanilang tunay halaga na ipinagkaloob Mo sa kanila. (Eph. 2:10)

**21.** Ama, nawa, ang mga mag-asawang nagtatangkang maghiwalay ay magkaroon ng pagbabago ng puso at maghangad na magkabalikan. (Heb. 13:4)

**22.** Diyos, nawa ay bigyan Mo ng kinakailangang kakayahan ang mga taong walang hanapbuhay sa Turkmenistan upang magkaroon ng mapagkakakitaan at maibigay nila ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya. (Prov. 16:3)

**23.** Ama, bigyan Mo ng karunungan ang grupo ng TWR Women of Hope sa Central Asia na matulungang gumaling ang mga kababaihang nagpa aborsyon at nawa ay madala sa kanila ang Mabuting Balita ni Cristo sa kanilang mga mamamayan. (Prov. 2:6)

**24.** Panginoong Diyos, nawa ang mga mananampalataya sa Uzbekistan ay maglingkod sa Iyo ng boong puso at manatiling matatag sa kanilang pananampalataya sa kabila ng mga oposisyon mula sa kanilang pamilya. (1 Cor.15:58)

**25.** Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang mga namumuno sa Karakalpakstan upang sila ay umunlad at makapagbigay ng serbisyong medical. Pagkalooban Mo ang mga kababaihan ng pagkaunawa kung kailan sila dapat pumunta sa manggagamot upang magpatingin sa halip na gamutin ang sarili. (Prov. 3:13)

**26.** Diyos, nawa ang mga babaeng walang asawa sa Türkiye ay makatagpo ng pag-asa at kalakasan ng loob sa Iyo habang ibinibigay nila ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng maliit na sweldo. Palakihin Mo nawa ang kanilang ikinabubuhay. (1 Kings 17:13-16)

**27.** Panginoon, itaas Mo at palakasin ang mga mananampalataya sa United Arab Emirates upang madala nila ng may katapatan ang mensahe ng Ebanghelyo sa mga tao sa bansa. (Rom. 1:16)

**28.** Ama sa langit, bigyan Mo nawa ng makadiyos na asawa ang mga Kristianong kababaihan sa Kazakhstan na gustong makapag-asawa at makabuo ng makadiyos na pamilya. (2 Cor. 6:14)

**29.** Ama, ingatan Mo ang samahan ng mga kababaihan na nag-aaral ng Biblia sa Morocco habang lumalago sila sa spiritual at sa bilang. (Ps. 32:7)

**30.** Panginoon, ingatan Mo at palakasin ang mga kababaihang Algerian na nahaharap sa panggigipit ng lipunan at diskriminasyon. Nawa ay makatagpo sila ng kalakasan at tapat ng pananampalataya sa kabila ng pang-uusig. (Ps. 46:1)

**31.** Diyos, nawa ang ministeryong digital ng TWR Women of Hope sa Hilagang Cyprus na tinatawag na Bridge of Hope ay umunlad, maging mabunga at makatulong sa mga nangangailangan. (Col. 1:28)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**